# Tallado nanumpa bilang muling halal na gobernador ng Cam. Norte

Ang kasalukuyang gobernador ng lalawigan ng Camarines Norte na si Kgg. Edgardo 'Egay' Angeles Tallado ay nanumpang muli bilang gobernador ng lalawigan. Ito ay kasunod ng kanyang pagkapanalo sa kauna-unahang *May 2010 automated national and local elections* na idinaos sa bansa noong Mayo 10, 2010.

Ang pasinaya para sa muli niyang pagkaluklok bilang gobernador ay isinagawa sa pamamagitan ng may 3-bahaging programa noong Hunyo 29 sa ganap na ika-4 ng hapon sa Sentro ng Palakasan, Kultura at Sining, Kapitolyo Probinsyal pagkatapos ng misang pasasalamat sa ika-3 ng hapon sa simbahan ng Parokya ni San Juan Bautista.

Sa harapan ni Kgg. Winston S. Racoma, Punong Hukom, Sangay 39 ng Panrehiyong Hukumang Tagapaglitis, siya ay nanumpa sa tungkulin bilang muling halal na gobernador ng lalawigan ng Camarines Norte. Siya ay sinamahan ng kanyang maybahay na si Josie at nag-iisang anak na lalaki na si Alvin Jerome B. Tallado.

Matapos ito, ibinigay niya ang kanyang pasinayang pananalita kung saan una niyang pinasalamatan ang Panginoong Diyos, ang lahat na tumulong sa kanyang kandidatura lalo na ang kanyang pamilya gayundin ang mga grupo at indibidwal na hindi sumuporta sa kanya.


(Sundan sa pahina 3)

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 1, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



*Nanunumpa si Gob. Edgardo A. Tallado kay Hukom Winston S. Racoma bilang gobernador matapos siyang magwaging muli sa nakaraang halalan, saksi rito ang kanyang maybahay na si Josie B. Tallado at ang kanilang anak na si Alvin.*

# Socio-Civic Parade, iba pa, isinagawa sa ika-112 Anibersaryo ng Kalayaan ng bansa







*Ang socio-civic military parade na isinagawa kaugnay sa pagdiriwang ng ika- 112 taong Kalayaan ng Pilipinas na nilahukan ng mga kawani mula sa iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan dito sa lalawigan. Ito ay pinangunahan ng tanggapan ni Gob. Egay Tallado mula sa iba't-ibang departamento at sangay ng pamahalaang panlalawigan.*

Ginunita at ipinagdiwang ng buong lalawigan ng Camarines Norte noong Hunyo 12, 2010 ang ika-112 taong anibersaryo ng pagiging malaya ng ating bansa sa ilalim ng temang "***Kalayaan 2010 Tagumpay ng Bayan***".

Ito ay tinampukan ng *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol Grounds* sa ganap na ika-8:15 ng umaga. Sinundan ito ng *socio-civic* at *military parade* na pinangunahan ng *Philippine National Police (PNP)*, at *Philippine Army (PA)*. Nakiisa rin sa okasyon ang iba't-ibang departamento ng pamahalaang lokal at nasyonal gayundin ang mga guro at mag-aaral mula sa mga pampubliko at pribadong paaralang elementarya at sekondarya sa bayan ng Daet.

Mula sa *Provincial Capitol Grounds,* ang parada ay dumaan sa mga pangunahing kalsada ng bayan ng Daet at saka bumalik muli kung saan pagdaan sa harapan ng gusali ng *Provincial Capitol* ay in-*acknowledge* ang bawa't grupong sumali sa naturang *parade.*

Ang naturang aktibidad ay nakapaloob sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2010-06 na una nang ipinalabas ni Gobernador Edgardo A. Tallado

(Sundan sa pahina 3)

nasa loob
EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5

**ERRATUM**

***Ang Patnugutan ng Bantayog ay humihingi ng paumanhin sa hindi sinasadyang pagkakamali nito sa ikatlong talata ng artikulong "Isang Sulyap sa Kasaysayan ng Camarines Norte" sa isyu nito noong Abril-Mayo 2010 na dapat ay "...ang Camarines Norte mula sa Ambos Camarines".***

***Muli ang aming taus-pusong paghingi ng dispensa at pang-unawa sa lahat.***

# Mabeza ng Bibirao 4-H Club national entry sa Gawad Saka Search 2010

Si Jeffrey L. Mabeza ng Bibirao *4-H Club*, Brgy. Bibirao, Daet, Camarines Norte, ang *national entry* ng Rehyong Bikol para sa Gawad-Saka *Search for Outstanding Achievers I Agriculture and Fisheries CY 2010*. Siya ay lalahok sa ilalim ng kategoryang *Outstanding Young Farmer/Fisherfolk Category*. Ito ay kasunod ng pagkakwalipika, at pagkakapanalo niya sa Gawad Saka *Regional Search* 2010 na una nang isinagawa.

Kaugnay nito, ang gawad-parangal ay tinanggap ni Mabeza sa okasyon ng *National 4-H Convention* na isinagawa sa *Camarines Sur Watersports Complex (CWC)* noong Mayo 21, 2010. Ito ay ipinagkaloob ng *Department of Agriculture -Agriculture and Technology Institute (DA-ATI) Central Office*, DA *Regional Field Unit V*, Pili, Camarines Sur, at *National 4-H Club Federation*.

Ang *evaluation criteria* na ginagamit sa naturang patimpalak ay kinabibilangan ng: *farm productivity* – 20 puntos; *farm management efficiency* – 20 puntos; *cash flow (income, savings, reinvestments)* – 10 puntos; *record keeping* – 5 puntos; *market orientation* – 10 puntos; *individual skills* – 20 puntos; at impluwensya/kontribusyon sa komunidad - 15 puntos (kontribusyon sa kita ng pamilya, impluwensya sa iba pang kabataan sa komunidad, at partisipasyon sa mga gawaing pangkomunidad).

Samantala, ang mga kabataang magsasaka/mangingisda ay tumutukoy sa isang indibidwal na direkta ó personal na nagtatanim, nag-aalaga ng mga hayop at nagpaparami nito, nanghuhuli at/ó nagpaparami ng isda, na may edad na hindi lalagpas sa 30 taon sa panahon ng kanyang nominasyon.

Ang mga kwalipikasyon ng mga interesadong sumali sa nabanggit na taunang patimpalak ay ang mga sumusunod: 1) Ang nominado ay dapat na mamamayang Pilipino, may magandang karakter na pinatutunayan ng punong barangay kung saan siya nakatira, at may edad na hindi higit sa 30 taon sa panahon ng nominasyon; 2) Siya ay dapat na pinagyayaman ang lupang pansakahan na hindi bababa sa 5 ektarya; 3) Siya ay dapat na miyembro ng kooperatiba ó anumang kinikilalang *farmer/fisherfolk rural based organizations*; 4) Siya ay dapat na may magandang *credit standing,* kung isang mangungutang, at; 5) Siya ay dapat na nagmamay-ari/namamahala ng kanyang sariling proyekto/negosyo.



Bilang karagdagan, ang nominasyon ay dapat na isagawa ng sinumang indibidwal na kabilang sa isang pansibikong organisasyon ó *rural-based associations*, at mga pamahalaang lokal *(local government units* ó *LGUs)* sa isang nakatakdang porma. Ang mga mga opisyal at empleyado ng *Department of Agriculture (DA)* ay hindi kwalipikadong mag-nomina.

Tanging ang mga kwalipikadong nominado sa kategorya na may kumpletong *scrap book* at tala ng operasyon ang ikukonsidera para sa ebalwasyon ng *Provincial* at *Regional Search Committees*.

Kabilang din sa pamantayan at regulasyon nito na ang *national winner* ay hindi na pwedeng makwalipika para sa nominasyon sa kahalintulad na kategorya sa naturang *DA annual search* sa loob ng 5 taon pagkatapos manalo. Ang mga nagawa ng nominado sa loob ng tatlong (3) sunud-sunod na taon bago ang simula ng patimpalak ang masasakop ng ebalwasyon.

Tanging ang *regional winner* ó *entry* lamang ang iiendorso ng kaukulang rehiyon na kanilang kinakatawan, at ikukonsidera para sa ebalwasyon sa pambansang antas. Ang *scrap book*, *video tape* at iba pang dokumento para sa ebalwasyon na isinumite ng *national winner* ay magiging pag-aari na ng *DA*.

Ang *National Search Committee* ay maaari ring humingi ng karagdagang dokumento kung kinakailangan. Ang desisyon din ng grupo ng inampalan pinal. ***LT IBASCO***

# Talento ng mga kabataang Kabihug/Agtas pinagyaman sa art camp/workshop na isinagawa kamakailan

Itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at ng *United Nations Fund (UNICEF)* at lahat ng mga kinauukulang pampamahalaang ahensya at pribadong sektor ang karapatan ng lahat ng mga kabataan, anuman ang kanilang relihiyon, kulay, kultura ó grupong kinabibilangan.

Patunay rito ang 3-araw na *Art Camp/ Workshop for Indigenous Peoples (IP) Children* na isinagawa noong Hunyo 4-6, 2010 sa Labo *Elementary School*, Labo, Camarines Norte at nilahukan ng may 15 kabataang Kabihug/Agtas.

Ang naturang gawain na nakatuon sa tema ng *children's rights* ay tinampukan ng mga leksyon *(lecture)* at *workshop* na pinangasiwaan ng mga *resource persons/ facilitators* ng *Department of Education (DepEd)-Labo East District*. Ito ay kinabibilangan nina Rosanna R. Zenarosa, Johna Visitacion, Grant A. Bonum at Eden V. Galvez; at mga *trainers/ facilitators* na sina Monalisa B. de Jesus, Ma. Teresa R. Zenarosa at Jimmy A. Francisco.

Ibinahagi nila sa mga kabataang IPs ang kahalagahan ng wasto at angkop na pagtingin sa kahalagahan ng sining gayundin sa kanilang mga angking kakayahan na maaaring makatulong upang makayanan nilang harapin ang mga pagsubok sa buhay. Binigyang-diin din nila na mahalagang bahagi ng komunidad ang mga IPs kaya sila ay binibig-yan ng mga oportunidad. Partikular nilang tinukoy ang karapatan ng mga kabataang IPs gayundin ang mga kaakibat na obligasyon na dapat nilang gawin.

Kaugnay pa rin nito, ang 3-araw na aktibidad ay tinampukan ng *lecture/ workshop* ukol sa mga uri ng *art works, importance of arts, basic lines and shapes, color combination and harmony,* at *art and environment* kung saan ang mga materyales na ginamit ay *acrylic paints* at *poster color*.

Nagkaroon din ng presentasyon ng mga iginuhit/ipininta ng mga kabataang *IPs* na kinolekta bilang pag-aari na ng pamahalaang panlalawigan. Dito nabatid na katulad ng mga karaniwang kabataan, ang mga kabataang *IPs* ay may talento at kakayahan din na kailangan lamang tuklasin at paunlarin.

Dahil dito, pinaplanong magsagawang muli ng kahalintulad na pagsasanay para mas marami pang kabataang *IPs* ang mabigyan ng oportunidad na maipakita ang kani-kanilang kakayahan at likhang sining. Pinag-iisipan din na gamitin ang kanilang*KSAs (know -ledge, skills and attitude)* para makabuo ng oportunidad para sa gawaing mapagkakakitaan nila.

Samantala, ang naturang 3-araw na aktibidad ay naisakatuparan sa pakikipag-ugnayan ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6) Provincial Technical Working Group* sa *DepEd, National Commission for Indigenous Peoples (NCIP) Provincial Office*, at Pamahalaang Bayan ng Labo. ***LT IBASCO***

# DCWs mula sa 12 bayan dito sumailalim sa training on curriculum planning and devt.

Ang mga *day care workers (DCWs)* ang direktang nagbibigay ng *early childhood and development services* na nakatuon sa paghubog ng malulusog at matatalinong kabataan na may magandang pag-uugali. Dahil dito, kailangang mapataas ang antas ng kanilang kaalaman, kasanayan at husay at makaagapay sila sa mga bagong pamamaraan ukol sa *child care and development*.

Matatandaan din na maliit na bilang lamang ng mga *DCWs* ang nakadadalo sa mga pagsasanay na itinataguyod ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* katulong ang ilang kinauukulang *non-government organizations (NGOs)* dahil sa kanilang limitadong pondo.

Bunsod nito, napagkasunduan na ang *capa-bility building* para sa lahat ng *DCWs* ay magkatuwang na isagawa ng *DSWD, Philippine Association of Social Workers, Inc. (PASWI),* at *local government units (LGUs)* ng mga barangay at munisipalidad. Layunin din nito na magkaroon ng angkop na kahandaan ang mga *DCWs* para sa kanilang napipinto/nalalapit na akreditasyon *(accreditation)*.

Kaugnay nito, ang 2-araw na *Training on Curriculum Planning and Development for Day Care Workers* ay idinaos sa iba't-ibang bayan ng lalawigan sa magkakahiwalay na petsa. Isinakatuparan ito ng PASWI katulong ang *Provincial/Municipal Social Welfare and Development Offices (P/MSWDOs)* at *DSWD Field Office V*. Nagsilbing *contact persons* dito sina *PSWD Officer* Lorna C. de Claro, *PASWI President-Camarines Norte Chapter*, at; *MSWDO* Elena Guinto ng bayan ng Talisay na siya ring *PASWI Treasurer-CN Chapter*.

Samantala, ang pagsasanay para sa mga *DCWs* mula sa mga bayan ng San Vicente, Basud at Vinzons ay idinaos sa Basud, at sa Daet para naman sa mga *DCWs* mula sa San Lorenzo Ruiz at Daet. Magkakahiwalay naman itong isinagawa sa mga bayan ng Capalonga, Jose Panganiban, Labo, Mercedes, Paracale, San Vicente, Sta. Elena, at Talisay.

Layunin ng nabanggit na aktibidad na mabigyang-pansin ng mga *DCWs* ang kahalagahan ng pagpaplano para makabuo sila ng mahusay at angkop na mga aralin. Pangkalahatang layunin nito na makabuo ng mabisang sistema ng pagtuturo para mapaunlad ang talino at pagkamalikhain ng mga bata, at mahubog ang kanilang mabuting personalidad. ***LT IBASCO***

# SK Chairman Shiela Ann Marie A. Echano
## ginawaran ng 2009 Child-Friendly SK Achievement Award



SKC SHEILA A. ECHANO

Ang *2009 Child-Friendly SK Achievement Award* ay iginawad kay *SK Chairman* Shiela Ann Marie A. Echano ng Barangay Camambugan, Daet, Camarines Norte kamakailan. Ito ang pangalawang pagkakataon na ginawaran siya ng nabanggit na parangal.

Ang kaukulang *plaque of recognition* ay tinanggap sa *awarding ceremony* ng *Search for Child-Friendly Barangay 2009* na ginanap noong Hunyo 22, 2010 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center*.

Ang nasabing karangalan ay inihandog ng batang lider sa lahat ng kabataan sa kanilang barangay gayundin sa kanyang mga kasamahan sa Sangguniang Kabataan, Katipunan ng mga Kabataan, at *4-H Club*. Ito ay bilang pagkilala niya sa ibinigay nilang dedikasyon at kooperasyon sa lahat ng mga gawain ng SK-Camambugan na mahusay niyang pinamumunuan.

Matatandaan na noong taong 2008 unang iginawad kay *SK Chairman* Echano ang naturang pagkilala dahilan sa ipinatupad niyang katangi-tanging mga proyekto at programang nagsusulong sa kapakanan at kagalingan ng mga kabataan sa kanyang barangay.

Si SK Chairman Echano rin ay isang aktibong lider ng mga kabataan na naglilingkod nang tapat sa bayan. Ang mahusay niyang pamumuno ay binigyang-pagkilala nang ang organisasyong pinamumunuan niya ay parangalan ng *Local Government Unit of Daet* bilang isa sa mga *2008 Outstanding organizations of* Daet.

Matatandaan na kabilang sa mga makabuluhang proyekto ni Echano ay ang paglilinis ng mga kanal at tabi ng kalsada sa kanilang barangay na pinamunuan niya katulong ang mga *out-of-school youths* (OSYs) at iba pang kabataan kung saan pinatunayan nila na sila ay responsible at kapaki-pakinabang na mga kabataan.

Sa kasalukuyan, si SK Chairman Echano ay nasa ika-apat na taon sa kursong *BS in Nursing* sa Mabini Colleges. Siya ay anak nina Nestor Echano ng Sangguniang Panlalawigan at Brgy. Camambugan Kgd. Mary Ann Echano.

## Socio-civic parade...

(Mula sa pahina 1)

na nagtatakda sa pagdaraos ng mga angkop na gawain bilang pakikiisa ng lalawigan ng Camarines Norte sa nabanggit na pambansang pagdiriwang. Nakapaloob din dito ang kautusan sa mga kinauukulang pampamahalaan at pribadong sektor na magbigay ng kanilang suporta at partisipasyon sa nabanggit na selebrasyon.

Nakiisa rin ang lalawigan sa pagdiriwang ng *Flag Days* ngayong taon na isinagawa rito simula Mayo 28, 2010 na nagtapos noong Hunyo 12, petsa ng ika-112 taong anibersaryo ng kalayaan ng ating bansa. Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng paglalagay ng watawat ng Pilipinas sa mga pampamahalaan at pribadong tanggapan, pampublikong lugar, pampubliko at pribadong paaralan, sambahayan, tindahan at parke. Ito ay bilang pagtalima sa itinatakda ng ***Republic Act No. 8491*** – *An Act Prescribing the Code of the National Flag, Anthem, Motto, Coat-of-Arms and Other Heraldic Items and Devices of the Philippines.* ***AIDA B. PANDEAGUA/lt ibasco***

## Tallado...

(Mula sa pahina 1)

Nangako rin siya na sisikapin niyang maglingkod nang buong husay at katapatan sa kanyang mga kababayan. Inihayag din niya ang mga prayoridad na programa ng kanyang administrasyon na pawang nakatuon sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga mahihirap, at ekonomiya ng lalawigan, sa kabuuan. Dito ay hiningi niya ang kooperasyon at partisipasyon ng bawa't isang mamamayan na nais niyang makasama sa pagtahak sa isang matuwid na daan ng pagkakaisa, pagkakasundo tungo sa isang makabuluhang pagbabago at mas maunlad na lalawigan ng Camarines Norte.

Ang ikatlo at huling bahagi ng programa na siyang pinakatampok na aktibidad dito ay ang pagsasalin ng pamamahala ng probinsya na isinagawa sa pamamagitan ng simbolikong pag-abot ni *DILG* Direktor Probinsyal Robin M. Mercado ng Watawat ng lalawigan ng Camarines Norte kay Kgg. Gob. Edgardo A. Tallado na kinuha nito bilang pagtanggap sa kanyang responsibilidad na pamahalaan ang ating lalawigan at mga mamamayan nito.

Samantala, ang unang bahagi ng nasabing programa ay ang misang pasasalamat na idinaos sa simbahan ng Parokya ni San Juan Bautista sa ganap na ika-3 ng hapon na pinangunahan ni Lubhang Kagalang-galang Gilbert A. Garcera, DD, Obispo ng Diyosesis ng Daet. Sa bahagi ng misa, naghandog ng alak at siboryum sina halal na Bise Gobernador Jonah G. Pimentel at si Gob. Tallado, ayon sa pagkakasunod. Ang Unang Pagbasa at Salmo Responsoryo ay pinangunahan naman ng kani-kaniyang maybahay na sina Gng. Josefina B. Tallado at Gng. Carmencita "Bembem" V. Pimentel, ayon sa pagkakasunod.

Ang Panalangin ng Bayan ay binasa ni Bokal Teresita DL. Malubay ng Unang Distrito na nag-alay rin ng prutas, pagkain, hostya, at iba pa kasama ang iba pang nahalal na bokal na sina Bokal Erwin L. Lausin, Bokal Joeffrey B. Pandi, Bokal Godfrey A. Parale, at Bokal Edgardo E. Dasco ng Unang Distrito; at sina Bokal Romeo R. Marmol, Bokal Ligaya L. Pedron, Bokal Rodolfo V. Gache, Bokal Ruth F. Herrera, at Bokal Gerardo G. Quiñones ng Ikalawang Distrito.

Naghandog din ng alay sa misa ang mga pinuno ng mga panlalawigang tanggapan at ahensya nasyonal dito.

Ang ikalawang bahagi ng programa ay tinampukan ng panunumpa sa tungkulin ng mga halal na Kagawad ng Sangguniang Panlalawigan mula sa Una at Ikalawang Distrito na pinangasiwaan ni Kgg. Hukom Racoma. Sinundan ito ng pang-aliw na bilang mula kay Alyssa Patricia Hernandez.

Matapos ito, nanumpa naman sa kanyang tungkulin si halal na Bise Gobernador Pimentel sa harapan ni Punong Hukom Racoma. Ito ay sinaksihan ng kanyang maybahay na si Gng. Bembem Pimentel at kanilang mga anak na sina Jep, Jempoy at Jac; ang kanyang kapatid na si Jay at maybahay nitong si Sonia Fontanilla; ang kanyang biyenan na si Gng. Chit Venida, at ang kanyang butihing ina na si Mrs. Purita G. Pimentel.

Sa bahagi ng kanyang talumpati, pinasalamatan niya ang kanyang pamilya na buong pusong sumuporta, sumusuporta at alam niyang patuloy na susuporta sa lahat ng kanyang adhikain tungo sa pag-asenso ng lalawigan ng Camarines Norte. Taus-puso rin siyang nagpasalamat sa lahat na naniwala at patuloy na naniniwala sa kanyang kakayahan at liderato. Hiniling din niya sa lahat na isantabi na ang pulitika at sama-samang

(Sundan sa pahina 7)




# EDITORYAL

## Fresh mandate

ANG salitang "mandate" ay walang tuwirang katumbas sa wikang Filipino. Dahil dito, ang mga nagmamahal sa dalisay na pananalita at pagsusulat sa wikang Tagalog ay napipilitang gumamit ng palasak na anyo nito na walang iba kundi ang salitang "mandato."

Sang-ayon sa diksyunaryong ginawa ni *Webster,* isa sa mga kahulugan ng salitang mandato ay ang pagbibigay ng awtorisasyon ó kapangyarihan sa isang samahan ó tao na mamuno sa pamamagitan ng halalan.

Katatapos pa lamang nating pumili ng magiging mga pinuno ng gobyerno mula sa talaan ng mga kandidato. Sa ginanap na halalan noong Mayo 10, 2010 ay pinagpasyahan ng mayorya ng mga mamamayan ng Camarines Norte na iluklok si Edgardo A. Tallado bilang gobernador ng lalawigan.

Sa loob ng susunod na tatlong taon simula sa buwan ng Hulyo ng taong kasalukuyan, siya si Gobernador Edgardo A. Tallado, ang magigingpunong-tagapagpaganap ng gobyerno probinsyal ng Camarines Norte.

Batay sa kawikaang ang boses ng mga mamamayan ay boses ng Maykapal, inaasahan natin na taglay ni Gob. Tallado ang isang divinong inspirasyon upang makapaglingkod ng matuwid at marapat sa kanyang mga nasasakupan.

Gayundin naman, hinihiling natin sa Maykapal na bigyan siya ng kalusugang angkop sa kanyang susuunging gawain at ng maliwanag na kaisipan upang sa lahat ng pagkakataon ay matanto niya ang bigat ng tungkulin na iniatang sa kanyang balikat.

Sa kabilang dako, kailangang tayong lahat ay maglaan ng pang-unawa sa kanyang limitasyon at mag-alay ng matulunging kamay sa kanyang kakulangan; ito'y sapagkat lahat ng nilalang ay may hangganan ang kakayahan. Sa panahong ito, kailangan ng pagtutulungan at pagkakaisa upang lahat tayo ay makarating sa minimithing pag-unlad ng kabuhayan.

Ang mahalagang isipin natin ngayon ay nabuhay ang isang panibagong pag-asa sa puso ng bawa't isa sa atin, at sa pamamagitan ng pamumuno ni Gob. Tallado ay buong tapang nating haharapin ang hamon ng bukas.

# 27th International AIDS Candlelight Memorial Day

Nakiisa ang Pamahalaang Panlalawigan ng lalawigan ng Camarines Norte sa pag-obserba ng buong mundo sa 27*th International AIDS Candlelight Memorial Day* na may temang: *"Many Lights for Human Rights"*. Taun-taon itong isinasagawa bilang pag-alaala sa mga kababaihan at kalalakihan na naging biktima ng *Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (HIV/AIDS).*

Ito ay sa pamamagitan ng pagdaraos ng *Candle-lighting Ceremony* sa harapan ng Kapitolyo Probinsyal noong Mayo 26, 2010 na pinangunahan ni *Executive Assistant IV* Jose G. Boma ng Tanggapan ng Gobernador. Nakiisa rin dito ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na nagsindi at nagtirik ng kandila sa harapang bahagi ng gusali ng Kapitolyo Probinsyal.

Kaalinsabay nito, hiniling ni Ms. Milave Schneider ng *Technical Services Division-Provincial Health Office (TSD-PHO)* na ang lahat ay mag-alay ng maikling panalangin para sa lahat na pumanaw na dahil sa *AIDS*, at sa lahat na nabubuhay na mayroong *virus (HIV)*, kalakip ang dagdag na panalangin na sana sa malapit na hinaharap ay magkaroon na ng kagamutan ang *HIV/AIDS* para maisalba ang kanilang buhay. Ang lahat naman na libre/ligtas pa rin mula sa nasabing impeksyon ay hinikayat niya na magsilbing liwanag ó gabay upang maiíwas ang iba na magkaroon ng *virus*.

Nanawagan din si Ms. Schneider na makilahok ang lahat sa pagpapalaganap ng mga tamang impormasyon ukol sa *HIV/AIDS*. Kailangan umanong suportahan ang mga maysakit ng *AIDS* at bigyan sila ng pagkakataon na mabuhay ng normal at walang diskriminasyon kahit pa alam natin ang kanilang kalagayan. Dapat umano nating TANDAAN na sila ay mga tao rin at sila ay mayroong karapatan na mamuhay nang normal katulad natin.

Sa bahagi ng programang isinagawa, ang mga tagapagpakilala na sina Ms. Schneider at Marino Abogado ng *TSD-PHO* ay nagbahagi ng ilang mahahalagang kaalaman at impormas-

(Sundan sa pahina 7)



*Pinangunahan ni Executive Assistant IV at OIC Provincial Administrator Joey G. Boma ang pagsisindi ng mga kandila bilang pag-obserba sa ika-27 taong AIDS Candlelight Memorial na ginanap sa harapan ng kapitolyo na nilahukan naman ng mga mag-aaral at kawani mula sa iba't -ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/ design.

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION** - Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawa't buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitolyo Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling *bond paper* ang haba at nagtataglay ng tunay na pangalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.




# Bulalakaw Beach, Jose Panganiban

**By: Atty. Debbee Francisco—*Lawyer by profession, a traveler at heart*.**

Sino'ng mag-aakalang sa taas ng kabundukan ay mayroong isang napakagandang beach? Noong dumating nga ako doon, naitanong ko sa aking mga kasamahan: "Nasaan na po ako?" Paanong nangyaring parang pitong bundok ang aking inakyat, tapos bigla akong gugulatin ng isang napakagandang tanawin???

Papunta ako sa Brgy. Luklukan Sur sa bayan ng Jose Panganiban para sa isang *meeting*. Dahil first time kong makapunta dun, winarningan na ako na medyo maykalayuan ito mula sa centro ng bayan kaya't inihanda ko na ang aking sarili at mga kasamahan. Nagbaon na kami ng tubig, *merienda* at sangkatutak na kwento, kanta at kwento.

Totoo ngang malayo, pero sobra kaming nalibang sa aming byahe. Ang daming mga kakaibang *view* ng bayan ng Jose Panganiban ang nadaanan, tanaw nga raw yung Brgy. Parang. Di ko alam kong niloloko nila ako, pero me isang *view* na sabi nila iyon daw ang Brgy. Gumaus na isa ring napakalayong barangay ng bayan ng Paracale. Inis nga ata sa akin ang *driver* namin dahil *request* ako ng *request* na huminto para makakuha ako ng *pictures* ng mga magagandang tanawin. Pati ba naman kasi mga tore ng mga minahan ay pinapatulan kong piktyuran.

Di namin namalayan, nakalipas na pala ang kalahating oras mula ng umalis kami sa centro ng J. Pang, at andun na pala kami sa aming pupuntahan.

Ang pagkadiskubre namin ng *Bulalakaw Beach* ay di talaga sinasadya. *But it was a pleasant surprise. Promise, meeting* talaga ang ipinunta ko dun – hindi lakwatsa. Pero siguro dahil gustong sabihin ng mga ka-meeting namin na sulit naman ang aming byinahe, dinala nila kami sa *Bulalakaw Beach*.


Sa totoo lang para syang *Bagasbas Beach* na mayroong mas magandang buhangin. Pinong *very light brown* ang *sand* doon. Dahan-dahang dumarating ang mga di kalakihang alon, tapos pag malapit na sa dalampasigan ay bumabasag ng napakaganda. Nakakakalma pala talaga ng *spirit and soul* ang purong tunog ng alon, walang kaagaw na ingay ng sasakyan, makina o tao. Talaga nga lang na *virgin beach* yun dahil kahit isang bahay kubong masisilungan ay wala. Pero sa sobra naming aliw sa lugar, kahit walang *sun block*, payong o bihisang damit, nagtampisaw pa rin kami.. at siyempre pa di namin pinalagpas ang pagpi-*picture taking*.

Marahil dahil sa sobrang lilikot namin sa dagat sa ilalim ng init ng araw, matinding gutom ang aming naramdaman. Mabuti na lamang at maraming karenderiya sa lugar. Itlog at pinangat ang aking kinain habang longanisa at *corned beef* naman ang sa aking mga kasamahan. Sa *ice candy* naman, lahat kami ay nag-unahan. At eto pa, nakakagulat na mga taga-Mercedes pala ang ibang nagtitinda roon.

Sa pagod, plinano kong matulog na lamang pauwi. Pero may karagdagan pang *surprise* dahil natuklasan ko na mas *breath-taking* pa ang *views* habang pababa ng mga bundok! Dagat, at iba't ibang *ports* at *fishing villages* naman ang makikita pauwi!

Marahil matatagalan akong makabalik sa *Bulalakaw Beach*, pero para sa mga taga-Jose Panganiban at karatig na lugar, *worth it* ang makarating doon. Biyahe pa lamang ay isang *adventure* na. At ang ganda ng dagat na naghihintay ay talaga namang kayang makipagtalbugan sa iba.

Kelan kaya magkakaroon ulit ng *meeting* sa Barangay Luklukan Sur at anong sorpresa naman kaya ang naghihintay sa muli kong pagpunta roon?



# Reorientation/Review of Year 2011 Annual Investment Plan Preparation and PDIP Updating Process

Nagsagawa ang Pamahalaang Panlalawigan ng isang (1) araw na *Reorientation/ Review of Year 2011 Annual Investment Plan (AIP) Preparation* at *updating* ng *Provincial Development Investment Plan (PDIP)* sa Jocelle's *Garden*, Diego Liñan St., Brgy. 7, Daet, Camarines Norte. Ito ay dinaluhan ng mga *chiefs of office* ng mga panlalawigang tanggapan, at *division heads* na nasa ilalim ng Tanggapan ng Gobernador.

Isinagawa ang naturang aktibidad sa layuning maipaliwanag na muli sa mga kinauukulan ang kahalagahan ng *AIP* at *PDIP* sa lalawigan, maging malinaw at matugunan ang mga isyu na lumabas noong nakaraang taon, at malimitahan ang pabalik-balik na mga *activity proposals* na isinusumite ng lahat ng tanggapan ng pamahalaang panlalawigan sa *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na siyang nangangasiwa sa pagkalap *(consolidation)* ng naturang mga dokumento.

Sa bahagi ng programa nito, nagbigay ng kanyang mensahe si Gobernador Edgardo A. Tallado kung saan kinilala niya ang presensya ng mga *chief of offices* at *division chiefs* ng Pamahalaang Panlalawigan sa nabanggit na gawain. Pangalawa, inilatag ng gobernador ang mga prayoridad na proyekto na pagtutuunan ng kanyang administrasyon na kinabibilangan ng mga sumusunod:

- *Tourism Development* tulad ng pag-develop ng Bagasbas *Beach* sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga pasilidad nito;
- *Expropriation* ng bahagi ng Calaguas *Island* kung saan ang pamahalaang panlalawigan ay bibili ng bangka na siyang gagamitin sa pagdadala ng mga turista sa nasabing lugar;
- Rehabilitasyon ng *Bagasbas Airport* na ang prayoridad ay ang paggawa ng *feasibility study* nito;
- Jose Panganiban *Port Development Project*;
- *Housing Development Project* sa Brgy. Mat-I, Sto. Domingo, Vinzons para sa pabahay ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan kasama na rin ang pagtatayo ng *sports complex* dito;
- Pagdadagdag ng pondo para sa mga iskolar at pag-*adopt* sa programang "Isang Bahay, Isang Diploma";
- Pagpapatupad ng iba pang proyekto ng mga pamahalaang lokal mula sa matipid sa pagbili ng mas murang mga gamot;
- Pagbibigay ng atensyon sa *mining development*;
- Paglimita sa mga iligal na gawain sa pangingisda lalung-lalo na ang pagtukoy sa mga *big time illegal fishing operators*; at
- Ang *improvement* ng *peace and order* sa lalawigan.

Tinalakay naman dito ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator (PPDC)*, ang ligal na basehan sa pagbuo ng *Provincial Development Physical Framework Plan (PDPFP)*. Ito ay ang *Joint Memorandum Circular No. 1 series of 2007* na mas lalong kilala bilang *Guidelines on the Harmonization of Local Planning, Investment Programming, Revenue Administration, Budgeting, and Expenditure Management*.

Tinalakay rin niya ang papel ng bawat antas ng mga pamahalaang lokal *(LGU level)* kalakip ang kanilang mga responsibilidad na nakasaad sa *Section 17* ng *Local Government Code (LGC) of 1991*. Kasama rin dito ang paggamit ng pondo para sa *social development, economic development* at *environmental management*. Matapos ito ay ibinigay niya ang huling araw *(deadline)* sa pagsumite ng *project proposals* ng bawat tanggapan ng Pamahalaang Panlalawigan para sa *project review* na isasagawa ng *finance group* sa mga susunod na araw.

Samantala, tinalakay naman ni Ms. Thelma Bardon, *Planning Development Officer IV* ng *PPDO* ang tungkol sa *PDIP* at *AIP overview* at *preparation process*. Inisa-isa niya rito ang mga *key inputs* sa pagbuo ng nabanggit na dokumento, gayundin ang mga benepisyo at ang kaugnayan nito sa pagbuo ng *Annual LGU Budget*. Ipinaliwanag din niya ang iba't-ibang sektor na bumubuo rito. Iprinesenta rin niya ang mga *forms* na siyang gagamitin ng mga dumalo sa paggawa ng mga *project proposals* na kanilang isusumite sa *PPDO*.

Napagkasunduan din ng lahat na dumalo na gawing *lumpsum* ang *appropriation* para sa *AIP*, at ang *PDIP project requests, proposals* at

(Sundan sa pahina 6)

# Operasyon ng Bantay Bata 163 Bicol-Daet Desk nagsimula na

Ang Bantay Bata 163 Bicol-Daet Desk ay nagbukas sa publiko noong Mayo ng taong kasalukuyan. Sila ay may tanggapan sa *ABS-CBN Daet* na matatagpuan sa *3rd Floor LJR Building 2, Gov. Panotes Avenue*, Daet, Camarines Norte. Ito ay pinangangasiwaan ng tatlong (3) rehistradong *social workers* na magbibigay ng serbisyo tuwing araw ng Miyerkules simula ika-9 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon.

Ito ang napag-alaman sa isang panayam kamakailan kay *PSWD Officer* Lorna C. de Claro, ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* dito.

Kaugnay nito, ang *Bantay-Bata 163 Bicol-Daet Desk* ay nagbibigay ng tulong-medikal sa mga kabataang mahihirap na may edad 0-12 taong gulang. Ang dapat gawin ng kanilang magulang ó tagapangalaga ay magdala ng mga sumusunod na dokumento: *medical certificate ó medical abstract, social case study report, barangay clearance*, larawan ng pasyente/maysakit, at kasalukuyan/pinakahuling reseta.

Ang Bantay-Bata ay maaaring magbigay ng gamot bilang paunang tulong. Kung ang pasyente ay kailangang isailalim sa operasyon ó nangangailangan ng panustos na gamot *(maintenance medicines)*, ang *social worker* ay gagawa ng pagtataya *(assessment)* kung kinakailangang kunan ng larawan ang pasyente para makapanawagan ito ng tulong. Kapag pumayag ang mga magulang/tagapangalaga, iiiskedyul ng *social worker* ang pagbisita sa tahanan ng pasyente para makunan ito ng larawan.

Maliban dito, ang *social worker* ng Bantay Bata ay nagbibigay rin ng pagpapayo *(counseling)*. Ang mga *walk-in clients* din para sa mga kaso ng pang-aabuso at iba pang usaping nauugnay ang mga kabataan ay tatanggapin ng *social worker* kung saan ang kaso ó iba pang usapin ay agad niyang aaksyunan.

Maaari ring magrekomenda sa Bantay-Bata rito ang *Provincial* at *Municipal Social Welfare and Development Offices (P/MSWDOs)* kung saan angkop na isagawa ang *outreach activities* nito na kinabibilangan ng adbokasiya ukol sa *children's rights* (mga karapatan ng kabataan) at *parenting*, libreng pakain *(feeding)*, at mga katuwaan at palaro *(fun and games)*.

Ang Bantay-Bata ay magbibigay rin ng serbisyo-publiko para sa mga taong nawawala, natagpuan at iba pa, kung saan ang kaso ay iiendorso ó ipadadala nito sa mga kinauukulang *Regional Network Group (RNG)*. ***LT IBASCO***

# Elnar, nanguna sa 2010 District Search for Outstanding Teacher

Isang *Plaque of Recognition* ang iginawad ng *Department of Education (DepEd)-Basud District* kay Gng. Lani T. Elnar, *Teacher II* ng *Briñas Elem. School (BES)* kasunod ng pagkapanalo nito ng unang puwesto sa katatapos na *2010 District Search for Outstanding Teacher, Non-Central Category*. Ang nasabing patimpalak ay isinagawa susog sa *Division Memorandum No. 62, s. 2009* na una nang ipinalabas ni *Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane.

Ito ay bilang pagkilala sa kanyang katangi-tanging mga nagawa bilang isang guro. Ipinakita rin niya ang kanyang matiim na dedikasyon sa pagtuturo na nakatulong upang mabigyan ng de-kalidad na edukasyon ang kanyang mga mag-aaral.

Nakasaad din sa gawad-pagkilala na siya ay karapat-dapat tularan dahil sa mahusay niyang pagtupad sa kanyang pangako at tungkulin na maglingkod. Binanggit din na napanatili niya ang matatag na suporta ng pamayanan at maayos na relasyon sa mga kinauukulan at iba pang tagapagsulong ng de-kalidad na edukasyon.

Bilang karagdagan, si Elnar ang opisyal na kinatawan ng *Basud District Office* sa *2010 Division Search for Outstanding Principal and Teacher*. ***LT ELNAR***

# 2,443 iba't-ibang uring pananim naipamahagi ng G.O.-EERMD

Umaabot na sa 2,443 iba't-ibang pananim *(seedlings)* ang naipamahagi ng Pamahalaang Panlalawigan sa mga pampubliko at pampribado tanggapan at indibidwal na mamamayan para sa kani-kanilang tree planting project sa iba't-ibang lugar sa lalawigan simula Enero hanggang Hunyo ng taong kasalukuyan. Ito ay naisagawa sa pamamagitan ng *Environmental Resource Management Division (EERMD)* na nasa ilalim ng *Office of the Governor (G.O.)*.

Bilang paghahanda naman sa inaasahang pagdagsa ng mga indibidwal at iba't-ibang organisasyon sa lalawigan na mangangailangan ng mga semilyang pantanim sa paparating na panahon ng tag-ulan, sinikap ng *G.O.-EERMD* na makapagpatubo ng sapat na dami ng mga pananim na punungkahoy upang matugunan ang pangangailangan dito ng mga mamamayan.

Sa imbentaryong isinagawa ni Christopher Obra ng GO-EERMD sa *Basud Nursery* kamakailan, may kabuuang 28,360 na ang bilang ng mga pananim na may katamtaman o sapat na laki upang itanim. Ito ay kinabibilangan ng 27,500 na Mahogany, 440 na Lubas, 300 na Berva, 20 Maligany, at 100 Narra na mga pantanim. Samantala, may mga bagong patubong Mahogany na maaari na ring ilipat sa mga *plastic bag* na tinatayang may daming 500.

Ang *Forestry Seedlings Production Program* ng Pamahalaang Panlalawigan ay alinsunod sa, at bilang pakikiisa sa programang pangkalikasan ng pamahalaang nasyonal. Ito rin ay ilan sa mga makabuluhang pamamaraan at ambag ng lalawigan sa adhikain ng bansa tungo sa pagsasaayos ng kapaligiran at pagpapanumbalik ng nawala at lubhang nasira nating kagubatan sanhi ng walang pakundangang pagkakaingin ng mga kapatid nating magsasaka sa kabundukan at sa walang habas na pamumutol ng punong kahoy ng mga *logging concessionaires* sa nakalipas na mga panahon. ***(Gonzalo C. Binay)***





# Reorientation/Review...

*(Mula sa pahina 5)*

*AIPs* ay isusumite ng 6 na kopya para magkaroon ng kani-kanyang kopya ang mga magre-*review* ng mga dokumento.

Sa kabuuan ay naging maayos ang gawaing ito at inaasahan ang pagsusumite ng *project proposals* ng bawa't opisina sa susunod na mga araw para sa ebalwasyon ng mga ito. ***MARILYN P. ASIS***

# DCWs na nakapagserbisyo...

*(Mula sa pahina 8)*

kasama si *PSWD Officer* Lorna C. de Claro ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* na siya ring pangulo ng *Philippine Association of Social Worker Inc. (PASWI)* Camarines Norte *Chapter*.

Ang pangunahing pinarangalan dito ay si Astrid Cambronero mula sa bayan ng Talisay na nakapagbigay ng katangi-tanging serbisyo bilang isang *DCW* sa loob ng 30 taon.

Ang nabanggit na programa ay bahagi ng 2-araw na *Provincial Day Care Workers' Congress and Awarding Ceremony* na isinagawa simula Hunyo 11-12, 2010 bilang pakikiisa ng lalawigan sa okasyon ng *National Day Care Workers' Week* sa bansa ngayong taon na may temang: *"Day Care Workers: Katuwang ng Pamilya at Pamahalaan sa Pagtaguyod ng Bright Child Program"*. Ito ay isinagawa at pinunduhan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte katuwang ang mga pamahalaang bayan at barangay na may ipinadalang *DCWs* para dumalo sa gawain.

Isinagawa ang 2-araw na aktibidad sa hangaring maisulong ang pagkakaibigan at maayos na relasyon sa pagitan ng mga *DCWs* sa lalawigan, at maitaas ang antas ng kanilang kasiglahan sa pagtupad sa kanilang tungkulin upang mas maging mahusay silang *DCWs*. Layunin din nito na ang mga *DCWs* ay maisailalim sa *refresher courses* ukol sa *Basic Health and Nutrition*, at *Basic First Aid Administration.* Ito ay upang maihanda sila para sa kanilang nalalapit na akreditasyon bilang mga *DCWs*.

Kaugnay nito, ang *refresher course* ukol sa *Basic Health and Nutrition* ay tinalakay ni Ms. Mercedes Juan, *Nutritionist Dietitian II/ Provincial Nutrition Action Officer* ng *Technical Services Division-Provincial Health Office*. Pinangasiwaan naman ng kinatawan mula sa *Philippine National Red Cross (PNRC)* Camarines Norte *Chapter* ang pagtalakay sa *Basic First Aid Administration*.

Isinailalim sa nasabing *refresher courses* ang mga *DCWs* sa lalawigan upang epektibo nilang maibahagi at maituro sa mga *day care children (DCC)* ang kahalagahan ng wastong nutrisyon, gayundin ang pagpapanatili ng malusog na katawan at isipan man.

Ang *Basic First Aid Administration* ay itinuro sa mga kalahok upang magkaroon sila ng angkop na kaalaman, at pang-unawa sa kahalagahan ng pagiging handa, mabilis at tamang pagkilos sakaling magkasakit at/ó maaksidente ang sinumang *DCC* habang nasa loob ng klase. Natutuhan din dito ng mga *DCWs* ang mga paraan sa pagbibigay ng pangunang-lunas sa sakit at/ó aksidente na karaniwang nangyayari sa mga *DCC*.

Maliban sa mga nabanggit, ang mga *DCWs* ay nagkaroon din ng *videoke time*, *parlor games* at *beach walking* na naging daan upang makasalamuha nila, at masmakilala ng personal ang kanilang mga kapwa-DCWs mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan.

Samantala, matagumpay na naidaos dito ang nasabing *Provincial Day Care Workers' Congress and Awarding Ceremony* sa pamamagitan ng *PSWDO* at sa pakikipagtulungan dito ng *PASWI* Camarines Norte *Chapter*.

Bilang karagdagan, ang sumusunod ang talaan ng mga *DCWs* mula sa 11 bayan ng lalawigan na pinagkalooban ng mga kaukulang *loyalty award*: Basud - Choleta Bisco, Norma Aragon, at Isabelita Ponayo; Capalonga – Zenaida Mortalla, Ana T. Rin, Lina Olit, Edna P. Balce, Emilia Z. Almaida, at Flor E. Cataroja; Daet – Victoria Taberara at Virginia T. Pabico; Jose Panganiban – Asuncion Reyes, Lourdes Nepa, Estrella B. Panol, Imelda Taborral, Elsie Dimaunahan, at Elisa Torcuator; Labo – Josefina Manlangit, Yolanda Bernacer, Jocelyn Diaz, Lilia Lanit, Delia Alamag, at Luningning V. Talento; Mercedes – Sylvia Alipio, Rosita Caro, Rizalina Sabaco, Concepcion Bigay at Nilda Relagio; Paracale – Dolorosa Bonita, Francia Y. Baylon, Carmen Enova, Luz San Jose, at Sally Espina; San Vicente – Alice Z. Jacobo at Josefina Coceam; Sta. Elena – Isabel Sarmiento; Talisay – Astrid Cambronero, Melinda Villagracia, Perlinda E. Abante, Marilou V. Nemi; at Vinzons – Daisy I. Odi at Remedios Antigua. *LTI*




***Si Gobernador Edgardo A. Tallado habang nagbibigay ng mensahe sa Provincial Day Care Workers' Congress and Awarding Ceremony na isinagawa kamakailan sa Bagasbas Pavilion, Brgy. Bagasbas, Daet. Dumalo rin ang kanyang maybahay na si Josie na nagpaabot din ng mensahe sa okasyon, gayundin si PSWD Officer Lorna C. de Claro, na naging pangunahing tagapangasiwa ng programa.***

# 3rd Bagasbas...

*(Mula sa pahina 8)*

pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division-Office of the Governor (MASCD-G.O.)* na pinamumunuan ni G. Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*.

Matatandaan din na ang *BBIEAF* ay unang idinaos noong taong 2003, at ang ikalawa ay noong taong 2008. Ito ay aktibong sinuportahan at patuloy na itinataguyod ng *National Commission for Culture and the Arts (NCCA)*, at ng *Our Lady of Lourdes College Foundation (OLLCF)*-Daet.

Bilang karagdagan, sa pamamagitan ng naturang *BBIEAF*, ang lalawigan ng Camarines Norte ay ilang linggo ring naitampok sa ilang pambansang magasin at programa sa telebisyon kung saan naipakilala ang ating mga katutubong likhang-sining at katangi-tanging talento. ***LT IBASCO***

# Tallado...

*(Mula sa pahina 3)*

kumilos para makamit ang pinapangarap na kaunlaran ng lalawigan.

Sinundan ito ng pang-aliw na bilang mula kay Kimberly Baluzo, at ang pagsumpa sa tungkulin ni Gob. Tallado at ang kanyang pasinayang pananalita na una nang binanggit kanina. Nagkaroon din ng iba pang pampasiglang-bilang sa pagitan ng isinagawang programang pasinaya.

Ang daloy ng nasabing programa ay pinangasiwaan ng mga tagapagpakilala na sina G. Abel C. Icatlo, *Museum Curator I, Governor's Office–Museum, Archives and Shrine Curation Division (GO.-MASCD)*, at *Ms. Camarines Norte Tourism 2010* Julie Ann Boral. ***LT IBASCO***

# 27th International AIDS Candlelight...

*(Mula sa pahina 4)*

yon ukol sa nakahahawa at nakamamatay na sakit na *AIDS*.

Ayon kay Ms. Schneider, sa pagtatapos ng taong 2008, tinatayang umaabot sa 35.2 milyong mga matatanda at kabataan sa buong mundo ang mayroong *HIV/AIDS*.

Batay naman sa tala ng *National Epidemiological Center (NEC)* simula Enero 1984 hanggang Disyembre 2009, tinatayang umaabot sa 4,424 katao sa bansa ang nagtataglay ng naturang nakahahawa at nakamamatay na sakit. Ipinapalagay rin na ang *average case* dito sa bansa bawa't buwan para sa taong 2000 ay 1 kaso/araw; taong 2007 – 1 bagong kaso/araw; at taong 2009 – 2 bagong kaso/araw.

Lubhang nakaaalarma ang naturang mga datos kaya nanawagan din sina Schneider at Abogado sa lahat na suportahan ang kampanya ng pamahalaan para mapigilan ang patuloy na paglobo ng bilang ng mga taong nagkakasakit ng *HIV/AIDS*.

Bilang karagdagan, ibinahagi nila ang **A-B-C-D-E** sa simpleng pag-iwas sa *AIDS*: Mag-**A***bstinence* (w**A**la munang *sex*); **B***e faithful* (**B**asta ikaw lang); **C***orrect and consistent condom use* (tama at palagiang paggamit ng *condom*); **D***on't take drugs* (**D**roga, alkohol, 'wag 'yan), at; **E***ducation for early diagnosis* (**E**dukasyon tungkol sa *HIV/AIDS*).

Idinagdag nila na ang *HIV* ay pinahihina at sinisira ang pandepensa ng katawan laban sa mga impeksyon at sakit *(immune system)*, wala pa ring bakuna rito at wala pa ring natutuklasang gamot para ito'y mapuksa.

Ibinahagi rin nila na ang *AIDS* ay nagkasama-samang sintomas ng mga karamdamang hindi na kayang labanan ng ating *immune system*. Ito ay resulta ng nasirang *immune system* na gawa ng *HIV* sa katawan ng tao.

Samantala, ang *International AIDS Candlelight Memorial* ay programa ng *Global Health Council*, isa sa pinakamatanda at pinakamalaking *grassroots mobilization campaigns* para maipalaganap ang *HIV/AIDS awareness* sa iba't-ibang panig ng mundo.

Matatandaan din na ang *Candlelight Memorial* na unang sinimulan noong 1983 ay isinasagawa tuwing ika-tatlong Linggo sa buwan ng Mayo at pina-ngungunahan ng may 1,200 *community organizations* na binubuo ng may 115 bansa na nagtataguyod ng lokal na paggunita sa mga nawalang buhay dahil sa AIDS, at maitaas ang kamalayang pansosyal ukol sa nabanggit na sakit. ***LT IBASCO***



Gob. Edgardo A. Tallado



Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 1, BLG. 2 DAET, CAMARINES NORTE HUNYO, 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# 3rd Bagasbas Beach International Eco-Arts Festival

Isinagawa sa *Bagasbas Beach* ang 3rd *Bagasbas Beach International Eco-Arts Festival (BBIEAF)* simula Mayo 30 hanggang Hunyo 6, 2010. Ito ay nakatuon sa temang: *Art + Environment + Sustainability* na naglalayong gamitin ang sining upang buhayin ang kamalayan ng komunidad sa mga isyung pan-sining, pang-ekonomiya at pangkalikasan.

Partikular na sinuportahan ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang aktibidad na idinaos nito noong Hunyo 3 at Hunyo 6, 2010 simula ika-6 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. Nakapaloob dito ang *New Media Festival* na kinabibilangan ng mga *new media/video artists* na galing pa sa iba't-ibang bansa na nagprodyus ng mga *videos* na mataas ang kalidad na ipinalabas sa *downtown* Daet, *Provincial Capitol Grounds* at maging sa *Provincial Rest House* sa *Bagasbas Beach*, Brgy. Bagasbas, Daet.

Masugid itong itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa layuning maisulong ang industriya ng turismo ng lalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng paglinang at pagpapaunlad ng mga gawaing pansining dito. Ito ay sa

(Sundan sa pahina 7)





3bbieaf 2010
www.bbieaf.org

*Ang "Air Loop 2010" (Bamboo-750 x 1300 x 200 cm) na gawa ni Tanya Preminger na mula sa bansang Soviet Union ay isa sa mga kalahok sa 3rd Bagasbas Beach International Eco-Arts Festival 2010 na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, Pamahalaang Bayan ng Daet, NCCA, DAC at Our Lady of Lourdes College Foundation.*

# DCWs na nakapagserbisyo ng 10, 20 at 30 taon ginawaran ng loyalty awards

Ang mga *day care workers (DCWs)* mula sa labindalawang (12) bayan ng lalawigan ng Camarines Norte na tuluy-tuloy na nakapagserbisyo sa pamayanan sa loob ng 10, 20 at 30 taon ay binigyan ng kaukulang *loyalty awards* sa programang isinagawa sa Bagasbas *New Pavillion*, Brgy. Bagasbas, Daet noong Hunyo 11, 2010 sa ganap na ika-7 ng gabi.

Dumalo sa pagtitipon si Gobernador Edgardo A. Tallado kasama ang kanyang maybahay na si Gng. Josie Baning-Tallado. Sila ay parehong nagpaabot ng kani-kaniyang mensahe para sa mga dumalo sa okasyon lalung-lalo na sa mga *awardees*.

Pinangunahan din nila ang paggawad ng *loyalty awards* sa mga kinauukulang *DCWs*

(Sundan sa pahina 7)



